# Balita mula sa Lupon ng Paghahanda sa Pagbubukas ng Bagong Itatatag na Paaralan

タガログ語版

**Bilang 1**

Inilathala Hulyo 19, 2018

Napagpasyahan sa pagpupulong ukol sa pangkalahatang edukasyon ng lungsod ng Toyoake na ipag-isa ang Souhou elementary school at Karatake elementary school.

Itinatag naman nitong Hulyo ang "Lupon ng Paghahanda sa Pagbubukas ng Bagong Itatatag na Paaralan sa Distrito ng Futamuradai, Lungsod ng Toyoake" para mapaghandaan ang pag-iisa ng elementary school. Pagkatapos mapagpasyahan ang bagong pangalan ng elementary school, tatalakayin ang pag-iisa ng elementary school sa konseho ng lungsod, at pagpapasyahan ito sa huli.

○ Ipag-iisa ang Souhou elementary school at Karatake elementary school sa Abril 2021 (Gagamitin ang gusali ng paaralan ng Souhou elementary school).
○ Gagawing bago ang pangalan ng ipinag-isang paaralan, simbolo ng paaralan, at iba pa.

## ◇Tungkol sa Lupon ng Paghahanda sa Pagbubukas ng Bagong Itatatag na Paaralan sa Distrito ng Futamuradai, Lungsod ng Toyoake


### ● Mga miyembro

Mga tagapangasiwa, magulang/tagapag-alaga, prinsipal/punong-guro ng Souhou elementary school at Karatake elementary school, propesor sa pamantasan, at iba pa

### ● Paraan ng pangangasiwa

Dahil maraming pag-aaralan sa Lupon ng Paghahanda sa Pagbubukas ng Bagong Itatatag na Paaralan sa Distrito ng Futamuradai, Lungsod ng Toyoake, magtatatag ng working group upang mapag-aralan ang iba't ibang bagay. Bubuuin ang working group ng mga "guro ng paaralan," "kinatawan ng mga magulang/tagapag-alaga," "kinatawan ng pamayanan," "opisyal ng lungsod" at iba pa.

## ◇Schedule ng Paghahanda sa Pag-iisa




* Babaguhin ang schedule nang naaayon sa kalagayan.

## ◇Paraan ng Pagpasya ng Pangalan ng Bagong Paaralan

Paanyaya para sa mungkahing pangalan ng paaralan ▶ Pagpipilian ang mga mungkahing pangalan ng paaralan ▶ Pagbobotohan ng mga mag-aaral ▶ Sasanggunian ang resulta ng botohan at pagpapasyahan ang mungkahing pangalan ng paaralan

### ☆Paanyaya para sa pangalan ng bagong elementary school☆

Maaaring sumali ang mga mag-aaral, magulang/tagapag-alaga sa Souhou elementary school at Karatake elementary school, residente, mga guro at tauhan ng paaralan sa loob ng distritong pampaaralan.
Para sa mga nais sumali, mangyari lamang na tingnan ang "Homepage ng City Hall," o magtanong sa dibisyon ng edukasyon sa paaralan.

Ihahatid sa inyong lahat ang mga napag-aralan sa Lupon ng Paghahanda sa Pagbubukas ng Bagong Itatatag na Paaralan sa Distrito ng Futamuradai, Lungsod ng Toyoake, sa ganitong paraan. Mangyari lamang na magtanong sa dibisyon ng edukasyon sa paaralan sa Toyoake City Hall kung mayroong hindi maintindihang bagay.

**Para sa mga Katanungan　Dibisyon ng Edukasyon sa Paaralan, Toyoake City Hall　TEL 0562-92-8316**